# 多言語情報コーナー　（令和７年　１月号）

## 1. Tungkol sa City at Prefectural Taxes.

Ang City at Prefectural Taxes ay kinakailangang bayaran ng sinuman na nakatira sa lungsod ng Tochigi na tumatanggap ng sahod o iba pang benepisyo mula pa noong umpisa ng taon kahit ito ay dayuhan.

Ang City at Prefectural Taxes ay binabayaran sa lungsod o bayan kung saan nakatira. Ang City Taxes ay binabayaran ng mga residente bilang bahagi sa gastusin sa kanilang komunidad tulad ng mga pampublikong serbisyo na may kinalalaman sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay gaya ng edukasyon, welfare at pag-aayos ng basura.

Ang halaga ng babayaran ay nakabatay sa kinita noong nakaraang taon, mula umpisa ng Enero hanggang ika-31 ng Disyembre. Para sa mga nagtatrabaho sa mga kompanya, ito ay binabawas na sa sahod ng mga employer at binabayad sa munisipiyo bilang koleksyon sa buwis na kung tawagin ay "Tenbiki". Karaniwan, ang mga manggagawa ay hindi kinakailangang magbayad ng ganitong uri ng buwis ng sarili nila sa kinauukulan. Ang halaga ng binayarang City Tax ay nakasaad sa tinatanggap na buwanang salary pay-slip.

Ang mga kompanya ay inaatasan ng munisipiyo na magsumite ng Certificate of Salary Payment ng kanilang mangagawa na nakatira sa lunsod as of Jan.1 2025, hanggang sa ika-31 ng Enero para sa nakaraang fiscal year na 2024.

Subalit kung ang employer ay hindi ginawa ang pagbawas sa sahod para sa City Tax, ang manggagawa mismo ang personal na magfile ng kanyang Income Tax Declaration. Ito ay tatanggapin mula ika-17 ng Pebrero hanggang ika-17 ng Marso. Tintanggap lamang ito kung may naunang appointment sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono. Tatawagin ang mga may application ayon sa nakuhang reservation number.

Ang mga Income Tax Declarations ay tinatanggap sa itinalagang lugar ng lungsod ngunit ang mga may dependents na nasa labas ng Japan ay kailangang mag-file sa mismong tax office. Dapat tandan na ang hindi pagbayad ng ganitong buwis ay may posibilidad na　hindi makapag-extend ng kanilang visa.

## 2. Ang Pagbibigay ng Financial Assistance para sa mga Mag-aaral na Papasok pa lamang ng Eskwela Ayon sa Bagong School Assistance Program.

Magbibigay ng financial assistance ang lungsod sa mga households na may kahirapang bumili ng gamit sa eskwela ng kanilang anak na papasok pala lamang tulad ng Lancel, uniporme at iba pang kagamitan. Angkop dito ang mga mag-aaral na papasok sa Elementarya at Junior High School.

Para sa detalye at proseso ng application ay makipag-ugnayan lamang sa Education and General Affairs Department sa kanilang telepono na 0282-21-2462. Ang kanilang tanggapan ay makikita sa ika4 na palapag ng main building ng munisipiyo. Ang application period ay hanggang sa ika-7 ng Pebrero lamang ng 2025.

### 3. Babala Tungkol sa mga Illegal na Part-time Jobs.

Marami ang mga kaduda-dudang anunsyo ng trabaho na makikita sa mga social media gaya ng X(twitter) at Instagram na nag-aalok ng napakalaking sahod na kalakip ng mga matatamis na pananalita tulad ng malaking halaga ng kikitain sa maikling panahon lamang.
Kung pumasok sa mga ganitong uri ng trabaho ng mga criminal organization ay maaaring magamit bilang piyesa gaya ng pagtanggap ng kabayaran sa kanilang mga sindikatong gawain gaya ng pagnanakaw at iba pa at magiging bahagi na ng kanilang nagawang krimen na may pananagutan sa batas.
Kapag naibigay ang personal information sa pag-apply sa kanila ay maaari nilang gamitin ito upang ikaw ay takutin at pagbantaan na hindi na maaaring umayaw sa kanilang alok na magtrabaho at ito na ang magiging dahilan ng pag-aresto sa iyo ng police.
Huwag kaagad maniwala sa mga nag-aalok ng mga ganitong uri ng pagkakakitaan sa pamamagitan ng mga matatamis na pananalita tulad ng malaking sahod, instant cash at maiksing oras lamang ngunit malaking kita.
Walang part-time job na nagbibigay ng malaking sahod sa napaikling oras lamang.
Kung inaakalang kaduda-duda ang isang alok ng trabaho ay kumonsulta muna sa pamilya, mga kaibigan o maging sa pulisya. Ang numero ng Police Consultation ay #9110.

## 4. Kung Nasabihan na Mataas ang Level ng Blood Sugar.

Ang Diabetes ay isang integral na karamdaman na sumisira sa ating mga ugat ng dugo at nerves ng buong katawan. Habang hindi pa lumalala ang sakit ay bahagya lamang ang mga simtomas na mararamdaman. Sa kadahilanang ito, kung mapapabayaan ay maaaring mapunta sa mas lalong seryoso na karamdaman gaya ng stroke at sakit sa puso.

Upang mapigil ang paglala ng sakit at maiwasan ang komplikasyon ay dapat magpasuri kaagad nang malaman ang pagtaas ng blood sugar level. Sa ganitong paraan ay maumpisahan na ang pagpapagamot at gawin ang wastong pangangasiwa ng kalusugan. Mahalaga rin ang tamang diet at ehersisyo.

Magkaroon ng medical check-up isang beses kada taon upang maiwasan ang Diabetes.